ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAHAMBING NA PAG-AARAL NG WIKANG BISAYA SA PILING WIKA NG TIMOG LEYTE

Eunice Mae D. Tampus
Teacher III, San Juan National High School San Jose, San Juan, So. Leyte, Ziezza A. Bellota

ABSTRAK

Layunin ng pananaliksik na ito ay makilala ang leksikon at estruktura ng wikang Binisaja na ginagamit sa mga piling barangay ng Agay-ay at Cabalian sa San Juan, Southern Leyte. Deskriptibong disenyo sa pamamagitan ng survey ang ginamit. Ang mga kalahok na pinili ay gamit ang purposive sampling, kung saan sadyang pinili ang mga kalahok na may edad 65 taong gulang pataas taon na may kabuuang bilang na tatlumpu (30). Natuklasan na sa aspetong ponema ang pagkakaiba ng wikang ginamit ng wikang Agay-ay at Cabalianon ang mga ponemang /y/, /l/, /k/, at /j/. Sa aspetong morpema natuklasan na sa salitang manjagan ay may ponemang /j/ sa Agay-ay, habang wala ito sa Cabalianon (managan), at ang iba't ibang panlapi tulad ng hing-, ni-, mi- sa Cabalianon na nagsisilbing marker ng aspekto ng pandiwa. Bagama't may mga kaibahan, kapansin-pansin ang mga morpemang magkakatulad din sa dalawang wika. Batay sa datos, kapansin-pansin ang ilang natatanging katangian sa sintaktikang estruktura ng Binisajang Agay-ay. Ang pagkakaroon ng partikular na bokabularyo na hindi karaniwang ginagamit sa Cabalianon, gaya ng paggamit ng mga ponemang /y/ at /j/ sa mga salitang "paduyung," "bayu," at "baja." Mapapansin din ang mga katagang "jaun" at "itun" na kadalasang ginagamit bilang panghalip o pantukoy sa mga pangungusap. Batay sa pagsusuri, hindi gaanong nagkakalayo ang wika ng Binisajang Agay-ay at Binisajang Cabalianon sa aspekto ng morpolohiya, at sintaksis. Bagamat may ilang salita na may magkakaibang palatumbasan, kapansin-pansin na magkapareho naman ang daloy ng pagbubuo at kaanyuan ng mga ito sa pangkalahatang bilang ng mga salitang ginagamit sa araw-araw. Mula sa mga natuklasan, iminumungkahi ang patuloy at mas malalim na pag-aaral upang higit pang masuri ang estruktura ng mga wikang ito. Limitado pa ang mga naitalang datos, kaya't kinakailangang madagdagan ang mga salitang maaaring pagbatayan ng mas komprehensibong analisis at mas akmang paglalahat. Mainam na ipagpatuloy ang pananaliksik sa dalawang baryo upang matuklasan pa ang mga salitang nararapat isama sa korpus ng wika ng mga taga-San Juan.

MGA SUSING SALITA: *Bokabularyo; Morpema; Ponema;Sintak*

RASYONALE

Ang wika ay pangunahing kasangkapan ng tao upang makipag-ugnayan, magpahayag ng damdamin, at magbahagi ng kaisipan. Ayon kina Tupas (2019), ang wika ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi isang instrumento rin ng pagkakakilanlan at kapangyarihan. Sa konteksto ng Pilipinas, isang multilingguwal na bansa, ang pag-iral ng iba't ibang wikain ay patunay ng masalimuot ngunit makulay na ugnayan ng kultura, kasaysayan, at pagkatao ng bawat Pilipino.

Bagama't may iisang pambansang wika na Filipino, hindi maikakaila ang patuloy na pag-iral at pag-unlad ng mga rehiyonal na wika tulad ng Binisaya. Sa Timog Leyte, partikular sa mga barangay ng Agay-ay at Cabalian sa bayan ng San Juan, namamayani ang mga natatanging anyo ng wikang Bisaya. Ang mga baryasyong ito ay nagpapakita ng dinamismo at pagiging arbitraryo ng wika, gaya ng ipinaliwanag ni Saussure (1916).

Ayon kina Yousefi, at Mohammad (2022), ang katutubong wika ay mahalaga hindi lamang bilang daluyan ng komunikasyon kundi bilang pundasyon ng pagkilala at pagpapahalaga sa sariling kasaysayan at kultura. Sinusuportahan ito ni Legarda (2020), na nagpahayag na ang matibay na pundasyon ng bansa ay nakasalalay sa pagkakaroon ng ugnayan sa pamamagitan ng wikang sariling atin, habang kinikilala rin ang kahalagahan ng mga katutubong wika bilang bahagi ng pamana ng ating mga ninuno. Ang wika ay pinayayaman sa pamamagitan ng karanasan at kolektibong ugnayan ng mga mamamayan. Kaya't sa kabila ng mga hamon na dulot ng pagkakaiba-iba ng wika, ang pangangailangang itaguyod at paunlarin ang mga lokal na wikain bilang bahagi ng edukasyong makatao at makabayan.

Sa pananaw ng guro, mahalagang tuklasin at unawain ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga lokal na wika. Sa pagtuturo ng wika at panitikan, ang mas malalim na kaalaman ukol sa ponolohiya (tunog), morpolohiya (salita), at sintaksis (pangungusap) ng mga katutubong wika ay nagbibigay-daan sa mas epektibong pedagogikal na estratehiya, lalung-lalo na sa konteksto ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na isinusulong sa kasalukuyang kurikulum.

Kaugnay nito, layunin ng pananaliksik na ito na magsagawa ng komparatibong pagsusuri sa leksikon at estruktura ng wikang Binisaja na ginagamit sa mga piling barangay ng Agay-ay at Cabalian sa San Juan, Southern Leyte. Tututukan nito ang mga aspektong morpolohikal, at sintaktikal upang matukoy ang mga palatumbasan at pagkakaiba ng mga wika sa mga nasabing

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

komunidad. Inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga guro, mananaliksik, at tagapagsulong ng wika upang higit na maunawaan ang papel ng lokal na wika sa paghubog ng identidad at edukasyon sa rehiyon.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay hindi lamang ambag sa larangan ng lingguwistika kundi isang hakbang tungo sa mas inklusibo at makabuluhang edukasyon sa pamamagitan ng masusing pag-unawa sa wikang sariling atin.

2.0 METDOLOHIYA

Sa pananaliksik na ito, ginamit ng mananaliksik ang deskriptibong disenyo sa pamamagitan ng survey at panayam upang makalap ang mga datos na kinakailangan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay pinili gamit ang purposive sampling, kung saan sadyang pinili ang mga kalahok na may edad 65 taong gulang pataas taon. Ang kabuuang bilang ng mga kalahok ay tatlumpu (30), na kumakatawan sa populasyong tinataya ng pananaliksik.

Pinili ang mga kalahok batay sa kanilang boluntaryong pakikilahok, nang walang alinlangan o pamimilit. Sila ay binubuo ng tig-sampung likas na nakatira sa kanilang barangay/lugar. Ang pangunahing paraan ng pagkalap ng datos ay sa pamamagitan ng interbyu, Gumamit ang mananaliksik ng tseklist na napapalooban ng wikang Filipino at nilapatan ng kanilang wika. Sa pahintulot ng mga kalahok gumamit din ang mga mananaliksik ng recorder upang higit na matiyak ang pagiging tumpak ng lingguwistikong datos, lalo na sa pagtukoy ng mga palatumbasan ng mga salitang lokal sa kontekstong Cabalianon.

Maingat na pinili at pormal na ipinabatid sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, at sila ay binigyan ng sapat na panahon upang maisagawa ang panayam sa kanilang bakanteng oras. Sa mga panayam, pinag-usapan ang mga estruktura ng kanilang katutubong wika upang maihambing sa wika ng Cabalianon. Ang mga nakalap na salita ay nikilom, inirecordm itinala, inihanay, at inihambing ayon sa morpolohikal, at sintaktikong aspekto ng wika. Sa huli, lalapatan ng masusing interpretasyon ang mga datos at ilalahad ang mga rekomendasyong makatutulong sa pagpapalawak at pagpapayabong ng mga wika mula sa lugar at sa mga pamayanang lokal.

3.0 RESULTA NG PAG-AARAL PONEMA

Ang ponema ay ang pinakamaliit na yunit ng tunog sa wika na may kakayahang makapagpabago ng kahulugan ng isang salita (Borong, 2019). Sa mas simpleng paliwanag, ito ang mga tunog na bumubuo sa mga salita sa anumang wika.

Makikita sa talahanayan ang pagkakaiba ng wikang ginamit ng wikang Agay-ay at Cabalianon ang mga ponemang /y/, /l/, /k/, at /j/ ay napakahalaga sa pagbibigay-diin sa kanilang pagkakaibang lingguwistiko. Ayon sa obserbasyon ng mga mananaliksik ang ponemang /j/ ay prominenteng ginagamit ng parehong lugar sa mga salitang gaya ng *ajaw* (ayaw), *unja* (mamaya), *lajo* (malayo), *sija* (siya), *baje* (babae), at *baja* (pala). Nagpapakita ito ng isang lokal na lingguwistikong pagkakakilanlan na maaaring magsilbing marker ng katutubong pinagmulan ng isang tagapagsalita sa San Juan.

Talahanayan 1
Ponemang Palatumbasan ng Binisajang Agay-ay at Cabalianon

Wikang Filipino	Binisajang Agay-ay	Binisajang Agay-ay	Magkaibang Ponema
kuman	karon	Ngayon	u, m, a a, r, o
pusa	iding	iding	d at r
alis/lakad	paraw/panaw	paraw/panaw	p, r/p, n at l, k
daan	dayan	dayan	y at l
tuyo/daing	buyad	buyad	y at l
kawali	kayaha	kayaha	y at l
ito	ini	ini	k
apoy	kayaju	kayaju	k at j
ewan	bayu	bayu	y at w, l
luto	lung-ag	lung-ag	l at d
buhangin	bayas	bayas	y at l
teka	ayha	ayha	h at s

Bagama't may mga pagkakaiba, napapansin din na may pagkakatulad ang kahulugan tulad ng *dayan* at *dalan*, na parehong tumutukoy sa "daan," na nagkaiba lamang sa ponemang /y/ at /l/. Ipinapakita ng mga halimbawang ito ang ugnayan at pagkakaiba-iba sa loob ng parehong lalawigan. Ayon kay Borong (2022) ang mga pagkakaibang lingguwistiko ay nag-uugat sa mga heograpikal, kultural, at panlipunang salik. Ang pagkakaiba ng ponema ay hindi lamang usaping lingguwistiko kundi isang manipestasyon ng pag-unlad at pag-iral ng isang partikular na komunidad. Sinusuportahan ito sa pag na nagsabing ang wika ay nabubuo, nagbabago, at ginagamit batay sa espesipikong konteksto ng mga tagapagsalita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pag-aaral nina Miole, Madera at Joseph (2024) ay nagpapakita rin na kahit nasa iisang lalawigan, ang wika ay nagkakaroon ng baryasyon bunsod ng heograpikal na pagkakahiwalay, interaksyon ng mga tao, at iba pang panlipunang salik. Sa kontekstong ito, makikita ang biyayang pagkakaiba-iba ng Bisaya sa katimugang bahagi ng Leyte.

Morpema

Ang morpema ay ang pinakamaliit na yunit ng salita na may taglay na kahulugan. Maaaring ito ay salitang-ugat o panlapi. Hindi gaya ng ponema, ang morpema ay hindi tunog kundi isang yunit ng anyo at kahulugan (Lopnao at Immngdul, 2022). Sa morpolohiya, sinusuri kung paanong nabubuo ang mga salita mula sa kombinasyon ng mga morpema.

Talahanayan 2
Morpemang ng Binisajang Agay-ay at Cabalianon

Wikang Filipino	Binisajang Agay-ay	Binisajang Cabalianon
gumanti	nibayus	nibawus
ikatatlo	katuyu	katu
inaantok	katuyugun	katulgun/katugun
kumain	mangaun	mangaun
maglinis	manlimpyu	maglimpyu
magtago	managu	managu
matulog	mangatuyug	mangatug
nabigla	hingkalit	nikalit
nagustuhan	naibgan	naibgan
pangan	pangayan	pangan
sumakay	manakay	manakay
tumakas	hing-ikyas	niikyas
tumakbo	manjagan	managan
tumawa	hingkatawa	mikatawa

Sa talahanayang ito, makikita ang mga morpolohikal na pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang barangay. Malinaw na ipinakita na sa salitang *manjagan* ay may ponemang /j/ sa Agay-ay, habang wala ito sa Cabalianon (*managan*), na nagpapakita ng isang lokal na inobasyon o retention sa ponolohiya. Ipinapakita rin ang paggamit ng iba't ibang panlapi tulad ng *hing-*, *ni-*, *mi-* sa Cabalianon na nagsisilbing marker ng aspekto ng pandiwa. Bagama't may mga kaibahan, kapansin-pansin ang mga morpemang magkakatulad din sa dalawang wika, gaya ng *mangaon*, *manago*, *naibgan*, atbp. Pinapakita nito na, sa kabila ng mga pagkakaiba, may malalim na kaugnayan pa rin sa estruktura ng wika dahil parehong kabilang ang mga ito sa iisang pamilya ng mga wikang Bisaja.

Ayon kay Borong (2019), ang mga baryasyon sa wika ay hindi hadlang kundi patunay ng dinamismo at kasiglahan ng isang wikang buhay na patuloy na umuunlad batay sa gamit ng mga tagapagsalita. Ang obserbasyon mula sa panayam ay nagpapakita rin ng interkomprehensibilidad ang dalawang barangay ay maaaring magkakaiba sa anyo, ngunit sa pamamagitan ng madalas na pakikipagtalastasan at palitan ng bokabularyo, unti-unting nagiging bahagi ng kolektibong leksikon ng San Juan ang mga salita mula sa magkabilang baryante. Isa itong patunay ng konsepto ng *linguistic convergence* na tinalakay ni Thomason at Kaufman (1988).

Sintaks

Ang sintaks, o palaugnayan, ay isang sangay ng lingguwistika na tumatalakay sa masistemang ayos ng mga salita sa loob ng parirala at pangungusap. Ito ay tumutukoy sa mga prinsipyo at patakaran na sinusunod sa pagbubuo ng mga pangungusap sa loob ng isang likas na wika. Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang pagsusuri sa sintaktikang kaanyuan ng Binisajang Agay-ay at Binisajang Cabalianon, na parehong matatagpuan sa bayan ng San Juan, Southern Leyte. Ang Talahanayan 3 ang nagpapakita sa resulta sa kabuuang datos.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3
Sintaktikang ng BinisaJang Agay-ay at Cabalianon

Wikang Filipino	Binisajang Agay-ay	Binisajang Agay-ay
Saan ka pupunta?	Asa kaw paduyung?/pasingud?	Asa kaw paduyung?/pasingud?
Ano iyan?	Unu jaun?	Unu jaun?
Alis na?	Paraw na kaw?	Paraw na kaw?
Ikaw pala yan!	Ikaw man baja jaun!	Ikaw man baja jaun!
Sino nagsabi sa'yo?	Kinsa'y naglaung nimu?	Kinsa'y naglaung nimu?
Ewan ko lang sa'yo.	Bayu ba lamang nimu.	Bayu ba lamang nimu.
Umalis na.	Tua na nipanaw.	Tua na nipanaw.
Teka muna.	Ayha ba.	Ayha ba.
Si kuya 'yon.	Itun si kuya.	Itun si kuya.

Batay sa datos, kapansin-pansin ang ilang natatanging katangian sa sintaktikang estruktura ng Binisajang Agay-ay. Isa sa mga ito ay ang pagkakaroon ng partikular na bokabularyo na hindi karaniwang ginagamit sa Cabalianon, gaya ng paggamit ng mga ponemang /y/ at /j/ sa mga salitang "paduyung," "bayu," at "baja." Mapapansin din ang mga katagang "jaun" at "itun" na kadalasang ginagamit bilang panghalip o pantukoy sa mga pangungusap.

Masasalamin din sa sintaktikang ayos ang pansariling palatumbasan ng mga taga-Agay-ay sa ilang salita gaya ng "pasingud" (padung), "paraw" (lakaw), at "naglaung" (nag-ingun). Ang mga salitang ito ay nagpapakita ng lokal na baryasyon na nag-uugat sa mga elementong heograpikal, sosyolohikal, at kasaysayan ng kanilang pamayanan. Alinsunod ito sa pananaw ni Borong (2022) na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng panlipunang estruktura at estruktura ng wika na kung paanong ang wika ay umuusbong batay sa pangangailangan at kontekstong panlipunan ng gumagamit nito.

Gayunpaman, sa kabila ng mga baryasyon, nananatiling magkahalintulad ang estruktura ng pangungusap sa dalawang baryante. Pareho silang gumagamit ng karaniwang ayos na panaguri-simuno, gaya ng sa Wikang Filipino. Ang pagkakaiba ay makikita sa leksikon o salita na ginamit, hindi sa kabuuang balangkas ng pangungusap. Sa madaling sabi, ang sintaktikang balangkas ay pareho, subalit ang leksikal na nilalaman ay iba-iba batay sa lokalidad.

Kapuna-puna rin na ang mga salitang nagmula sa Agay-ay ay kasalukuyan nang ginagamit at nauunawaan na rin ng mga taga-Cabalian. Ito ay epekto ng madalas na interaksyon ng mga mamamayan sa magkabilang lugar na nagbubunga ng integrasyon ng bokabularyo. Ang dating natatanging wika ng Agay-ay ay unti-unti nang nagiging bahagi ng mas malawak na wikang ginagamit ng mga taga-Cabalianon.

Sa natuklasan na ang konsepto ng *interlanguage*, isang teoryang lingguwistiko na tumutukoy sa pansamantalang sistemang lingguwistiko na binubuo ng tagapagsalita habang natututo ng bagong wika. Sa kasong ito, tila nagkakaroon ng pansariling "mental grammar" ang mga tagapagsalita kung saan nababago ang umiiral na patakaran ng wika sa pamamagitan ng pagdaragdag, pagbabawas, o pagbabago ng mga tuntunin. Halimbawa nito ay ang paggamit ng "bayu" sa halip na "bawu," at "paduyung" sa halip na "padung," na pawang mga salitang nagkaroon ng lokal na pag-aangkop.

Tulad ng sinabi nina Tupaz (2019) na ang wika ay lumalawak at yumayabong dahil sa tuloy-tuloy na paggamit nito sa loob ng lipunan. Nagkakaroon ito ng baryasyon batay sa sektor, lokasyon, at karanasang panlipunan ng mga gumagamit. Sa kasong ito, bagama't may ilang salitang eksklusibo sa Agay-ay o Cabalianon, hindi ito naging hadlang sa kanilang komunikasyon sapagkat nauunawaan ito ng bawat isa dahil sa patuloy na paggamit at pagkakalapit ng lokasyon.

Sa paghahambing naman sa Wikang Filipino, makikita ang malinaw na pagkakaiba sa leksikal na palatumbasan. Gayunpaman, may ilang panlapi at estruktura ng pangungusap na kapansin-pansing magkakatulad, na nagpapakita ng ugnayan bilang kapwa wikang nasa ilalim ng wikang Austronesyo. Ipinapakita rin nito na ang wika ay may kapasidad para sa integrasyon at pag-unlad habang patuloy na nagbabago ang lipunan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral sa sintaktikang palatumbasan ng Binisajang Agay-ay at Cabalianon ay nagpapakita ng mayamang ugnayan ng wika, kultura, at lipunan. Bagama't may mga natatanging katangian ang bawat baryante, ang pagkakatulad sa sintaktikang estruktura at ang kakayahan nitong umangkop at makipag-ugnayan ay patunay sa dinamismo at kakayahang umunlad ng wika sa konteksto ng isang pamayanang may magkakaibang pinagmulan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

4.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa pagsusuri, hindi gaanong nagkakalayo ang wika ng Binisajang Agay-ay at Binisajang Cabalianon sa aspekto ng morpolohiya, at sintaksis. Bagamat may ilang salita na may magkakaibang palatumbasan, kapansin-pansin na magkapareho naman ang daloy ng pagbubuo at kaanyuan ng mga ito sa pangkalahatang bilang ng mga salitang ginagamit sa araw-araw. Dahil kapwa nagmumula sa iisang bayan, ang bahagyang pagkakaiba sa bokabularyo ay hindi naging hadlang sa komunikasyon, kundi naging tulay pa upang mapalawak ang talasalitaan ng mga mamamayan, lalo na sa San Juan. Ang mga salitang ginagamit sa magkabilang baryo ay nahihiram at naisasama na rin sa pang-araw-araw na usapan, anupa't hindi na ito nagiging sanhi ng pagkalito sa pagpapahayag ng saloobin, damdamin, paninindigan, at paniniwala ng bawat isa.

Pinatotohanan ng pag-aaral na ang wika ay isang arbitraryong sistema na nililikha at pinauunlad ng isang pangkat ayon sa kanilang kolektibong kasunduan sa pagtukoy ng mga katawagan. Isa itong sosyolingguwistikong penomenon na nahuhubog batay sa heograpikal na lokasyon at sa kulturang pinagmulan ng mga tagapagsalita.

Mula sa mga natuklasan, iminumungkahi ang patuloy at mas malalim na pag-aaral upang higit pang masuri ang estruktura ng mga wikang ito. Limitado pa ang mga naitalang datos, kaya't kinakailangang madagdagan ang mga salitang maaaring pagbatayan ng mas komprehensibong analisis at mas akmang paglalahat. Mainam na ipagpatuloy ang pananaliksik sa dalawang baryo upang matuklasan pa ang mga salitang nararapat isama sa korpus ng wika ng mga taga-San Juan.

5.0 REFERENCES

1. *Borong, N. (2022). Language alteration in Leytenong binisaja ˇ of the fifth district of Leyte. Journal of Educational and Human Resource Development, 10, pp. 76-92.*
2. *Borong, N. (2019). Morphological variations of the dialects in Western and Southern Leyte. Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD), 7, pp. 41-52. https://doi.org/10.61569/4r8ssg26*
3. *Miole, A., Madera, C, at Joseph, J. (2024).Morphological analysis of southern Leytenong binisaja. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10 (6). https://doi.org/10.36713/epra2013*
4. *Legarda, L. (2020). Preserving indigenous languages: A cultural imperative. National Commission for Culture and the Arts (NCCA).*
5. *Lopnao, C. at Immngdul, H (2022). Morpolohiya ng wikang ayangan: Isang pag-aaral. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 6 (7), pp. 96-116*
6. *Saussure, F. (1916). Course in general linguistics.*
7. *Tupas, R. (2019). Decentering language: Displacing Englishes from the study of Englishes. Critical in Language Studies, 17 (3), pp. 228-245. https://doi.org/10.1080/15427587.2019.1641097*
8. *Yousefi, M. at Mohammad, M. (2022). The L2 motivational self-system: A meta-analysis approach. International Journal of Applied Linguistics 32 (2), pp. 274–294.*